(Nilathala: Abril 2021)

# Handbook
## ng Paraan ng Paghihiwalay at Pagtatapon ng Basura

タガログ語版



Nakipagtulungan sa Ilustrasyon:
Happy Earth Day Osaka Executive Committee

Lungsod ng Yao

# Mga Uri ng Basura

Sa lungsod ng Yao, hinihiwalay sa 8 uri ang mga basurang kinokolekta ng lungsod.


| Mga Item | | Panandang Marka | Uri ng Itinalagang Supot atbp. | Pahina |
|---|---|---|---|---|
| Nasusunog na (Susunuging) Basura | Paghihiwalay sa 8 uri | ● | Yellow green / Puting supot (Ipinamamahagi ng lungsod / Libre) | 2 |
| Portable Gas Cartridge / Spray Can | | Wala | Supot na malalaman (makikita) ang laman (Hindi ipinamamahagi ng lungsod) | 2 |
| Plastik na lalagyan at balot | | ♥ | Pink / Translucent na supot (Ipinamamahagi ng lungsod / Libre) | 3 |
| PET bottles | | ◆ | | 5 |
| Recyclables | | ★ | Light blue / Transparent na supot (Ipinamamahagi ng lungsod / Libre) | 5 |
| Samu't Saring Basura | | ■ | | 6 |
| Basurang Ibabaon sa Landfill | | ▲ | | 6 |
| Malalaking Basura | | | | 7 |
| Home Appliance na Maaaring I-recycle | | | | 7 |
| Basura sa Di-regular na Panahon ng Pagkolekta | | | | 8 |
| Paraan ng Pag-apply para sa Basurang Kailangan ng Reserbasyon sa Telepono | | | | 9 |
| Paraan ng Pagtatapon ng Malalaking Basura | | | | 10 |
| Mga Bagay na Hindi Maaaring Kolektahin / Iproseso bilang Basura | | | | 12 |
| Pamamaraan ng Boluntaryong Pagkolekta ng Manufacturer / Industriya | | | | 13 |
| Sistema ng Suporta sa Pagrerecycle | | | | 13 |
| Lugar na Pinaglalagyan ng mga Collection Box | | | | 14 |
| Pagkolekta para sa Pag-uugnayan | | | | 14 |
| Kung Sariling Dadalhin ang Basura | | | | 15 |
| Yao Recycle Center Learning Plaza “Meguru” | | | | 15 |
| App ng Suporta sa Pamumuhay “Yaoppu” | | | | 16 |
| Mga Tanong at Sagot kaugnay sa Basura | | | | 18 |
| Talaan ng Klasipikasyon ng Samu't Saring mga Papel | | | | 20 |
| Basura mula sa mga Negosyo | | | | 21 |
| Para Hindi Halungkatin ng mga Uwak ang Supot ng Basura | | | | 21 |
| Tungo sa “Serong Basura! Lipunan kung saan Napapaikot ang Resources" | | | | 22 |
| Mapagtatanungan kaugnay sa Basura | | | | Back cover |



## ■Mga Uri ng Itinalagang Supot para sa mga Tahanan




Nasusunog na (Susunuging) basura
Yellow green 35L




Plastik na lalagyan at balot / PET bottles
Pink 45L




Recyclables / Samu't saring basura / Basurang ibabaon sa landfill
Light blue 35L

**Mga Dapat Pag-ingatan kaugnay sa Pagtatapon ng Basura**


- Ipaghiwalay nang husto at saka itapon ang basura.
- Huwag ipaghalo ang mga plastik na lalagyan at balot at PET bottles, recyclables at samu't saring basura at basurang ibabaon sa landfill.
- Isang supot sa 1 tapunan ng basura, itali ang supot at saka itapon.

# Nasusunog na (Susunuging) Basura




- Nabubulok na basura, pira-piraso ng kahoy, produktong yari sa balat, halamang panghardin, produktong vinyl, produktong plastik na walang Pla-mark atbp.
- Gumamit ng sariling bag atbp., huwag gumamit ng plastik na supot ng tindahan hangga't maaari upang mabawasan ang basura.


## Mga pangunahing bagay



[CD]



[Produktong yari sa balat]



[Video / Cassette tape]



[Timba / Palanggana]

[Produktong plastik (walang Pla-mark)]



[Nabubulok na basura]



[Damo at maliliit na sanga]



[Lampin]

## Paraan ng pagtatapon ng nasusunog na (susunuging) basura

◎ Tanggalan nang mabuti ng tubig ang nabubulok na basura.

◎ Pakinabangan ang makinang pamproseso ng nabubulok na basura, at gawin itong compost.

◎ I-flush sa toilet ang duming nadikit sa papel na lampin at dumi ng alagang hayop.

◎ Gawan ng ligtas na paraan tulad ng pagbabalot sa papel atbp. at saka itapon ang mga barbecue stick.

◎ Patigasin o ipasipsip sa papel, tela o iba pa at saka itapon ang kaunting mantikang pang-tempura. Huwag na huwag ilagay habang likido pa ito.

※ **Malalaking basura ang mga bagay na hindi kasya sa itinalagayang supot tulad ng inuupuang kutson, kumot atbp.**

※ Maaaring i-recycle ang **mga lumang papel tulad ng diyaryo, karton ng kahon atbp. at mga tela**. Itapon ang mga ito sa pangkatang pangongolekta ng pamayanan.

※ Dalhin ang **mga karton ng gatas** sa collection box sa supermarket atbp.

※ Gawan ng paraan upang hindi lumabas ang basura mula sa itinalagang supot.

# Portable Gas Cartridge / Spray Can

2 beses sa isang linggo

- Ubusin muna bago itapon ang mga portable gas cartridge at spray can. Hindi kailangang butasan.

## Mga Sakop na Bagay



[Portable gas cartridge]
[Cassette cartridge]



[Spray can]

※ Plastik na lalagyan at balot ang mga takip na may Pla-mark.

## Paraan ng Pagtatapon ng Portable Gas Cartridge / Spray Can

◎ Ilagay sa supot na malalaman kung ano ang nasa loob.

◎ Itapon sa tabi ng supot ng nasusunog na (susunuging) basura.

◎ Huwag sama-samang itapon kundi itapon tuwing matapos gamitin (mga 2-3 lata).

◎ Kung itapon nang hindi ubos ang laman (nilalamang bagay), magiging sanhi ng aksidente ng sunog sa trak na nagkokolekta ng basura o sa loob ng pit ng pasilidad para sa pagpoproseso. Siguraduhing ubusin ang laman (nilalamang bagay) bago itapon.

※ Kung naubos na dapat pero may tunog pa rin ng laman, magtanong sa manufacturer na nakatatak sa produkto. Kung hindi nakatatak ang pangalan ng manufacturer, magtanong sa sumusunod.
**Portable Gas Cartridge: General Incorporated Association Japan Industrial Association Of Gas and Kerosene Appliances　Telepono: 0120-14-9996**
**Spray Can: General Incorporated Association Aerosol Industry Association of Japan Telepono: 03-5207-9850**

# Plastik na Lalagyan at Balot




○ Sa mga plastik na lalagyan at balot, liban sa ilang eksepsyon, nakatatak ang panandang marka (Pla-mark). Gawing palatandaan ang Pla-mark sa kanan.

## Mga Pangunahing Bagay



[Mga supot ng tsitsirya atbp.]



[Tray / pakete ng mga pagkain]




[Plastik na supot ng tindahan]



[Mga food wrap / cling film]



[Mga lalagyan ng cup noodles atbp.]



[Lalagyan ng itlog at iba pang mga plastik na lalagyan]

## Ano ang plastik na lalagyan at balot?

◎ Dahil mahirap ang gawain ng pagbubukod, itapon ang mga mahirap tanggalan ng dumi o amoy (lalagyang tube-type atbp.) sa nasusunog na (susunuging) basura.

◎ Plastik na lalagyan at balot ang mga styrofoam.

◎ Huwag ilagay ang mga produktong plastik tulad ng timba, laruan, CD atbp.

◎ Huwag isamang ilagay ang mga PET bottle.

**Itinuturing na plastik na lalagyan at balot ang...**

・mga plastik na ginagamit para lagyan (lalagyan) o pambalot (balot) ng produkto.

・hindi sakop ang mismong produkto kahit yari sa plastik ang materyal.

※ May Pla-mark din sa mga tube ng ketchup, mayonnaise atbp. o supot ng sabaw ng cup noodles atbp., pero kung hindi matanggal ang dumi, itapon ito sa nasusunog na (susunuging) basura.

※ Direktang ilagay sa itinalagang supot ang plastik na lalagyan at balot. Makakasagabal sa gawain ng pagbubukod kapag inilagay muna sa maliit na supot tulad ng plastik na supot ng tindahan atbp. bago ilagay sa itinalagang supot.

## Kung pinaghalong materyal

Maaaring hindi nag-iisang materyal na yari sa isang uri ng materyal kundi pinaghalong materyal na binubuo mula sa iba't ibang materyal tulad ng papel, plastik atbp. ang lalagyan at balot. Sa pangkalahatan, itinatatak sa bawat lalagyan at balot, pero mayroon ding bagay na "sama-samang nakatatak."



Kung PET bottle




Sama-samang nakatatak sa label

## Hindi sakop ang mga ganitong bagay

○ Mismong produkto
Mga laruan, palanggana, CD, toothbrush, video tape at iba pang yari sa plastik

○ Mga bagay na hindi sumasailalim sa lalagyan o balot
Supot ng cleaning store, vinyl band atbp.

○ Mga bagay na hindi magiging basura kahit ipaghiwalay sa laman ng produkto o bahagi ng produkto
CD case, case ng instrumento, kamera atbp.

○ Bagay na may tatak ng PET bottle
*Plastik na lalagyan at balot ang takip at label

○ Magsasagawa ng bukod na pagkolekta ng mga PET bottle.
Gamitin din ang collection box ng lungsod, supermarket atbp.



PET

※ Huwag na huwag ihalo dahil hindi naaangkop na bagay ang mga nakakahawang medikal na gamit (mga tube, karayom atbp. na may panganib ng impeksyon).

# Punto ang “Linisin bago itapon”


## 1 Tiyakin ang Pla-mark

Sa pangkalahatan, sakop ang mga bagay na may tatak ng Pla-mark. Kahit walang marka, sakop ang lahat ng mga bagay na plastik ang materyal, pinambabalot ng produkto at magiging basura kapag nakonsumo ang produkto.



## 2 Tanggalin ang naiibang bagay

Kapag nahalo ang naiibang bagay tulad ng metal, glass atbp., hindi lang mahirap ang paghihiwalay, kundi maaaring masira ang makina para sa pagrerecycle, at maugnay sa aksidente ayon sa kaso.



## 3 Linisin ang loob at patuyuin

Kapag itinapon nang nakalagay ang tirang pagkain o may laman pa, hindi marerecycle para makagawa ng mabuting produkto. Linisin at patuyuin bago itapon.



## 4 Bawasan ang sukat ng laki

Pisain hangga’t maaari para mabawasan ang sukat ng laki bago itapon. Huwag hiwa-hiwalay kundi pagpatungin ang mga styrofoam na tray atbp.




### Supot ng tsitsirya

Tanggalan ng laman at linisin.



### Cup o tray ng cup noodles

Punasan ng papel ang dumi, hugasan ng tubig at patuyuin.




### Kapag nag-aalangan...

Dahil magiging sagabal sa pagrerecycle ang bagay na may dumi, kapag nag-alangan, itapon bilang nasusunog na (susunuging) basura.

### Takip ng mga bottle

Tanggalin mula sa bottle at saka itapon.



### Lalagyan ng itlog

Pisain para mabawasan ang sukat ng laki.




### Sticker ng label

Kung nakadikit ang papel na label o sticker, tanggalin ang bagay na madaling tanggalin. Itapon bilang plastik na lalagyan at balot ang bagay na hindi madaling tanggalin.

### Huwag ilagay sa maliit na supot

Direktang ilagay sa itinalagang supot ang mga plastik na lalagyan at balot. Magkakasagabal sa gawain ng pagbubukod kapag inilagay muna sa maliit na supot tulad ng plastik na supot ng tindahan atbp. bago ilagay sa itinalagang supot.


# PET Bottles




○ Sa PET bottle, nakatatak ang panandang marka (marka ng PET bottle). Gawing palatandaan ang marka ng PET bottle sa kanan.

PET

## Paraan ng Pagtatapon ng PET bottle




① Tanggalin ang takip.
② Tanggalin ang label.
③ Itapon ang laman at hugasan ng tubig.
④ Patuyuin at pisain bago itapon.

※ Itapon bilang plastik na lalagyan at balot ang takip at label.

◎ <u>Huwag isamang ilagay ang plastik na lalagyan at balot.</u>

※ Hindi kailangang tanggalin (alisin) ang bilog sa paligid ng bibig ng bottle.

※ Gamitin din ang collection box ng lungsod o supermarket, palengke atbp.


# Recyclables




○ Lata ng mga de-latang pagkain at inumin

○ Bote ng inumin, pagkain at cosmetics

## Mga Pangunahing Bagay


[De-latang pagkain]


[Bote ng juice]


[Bote ng cosmetics]


[Lata ng beer / juice]


[Bote ng rekado]

## Paraan ng Pagtatapon ng Recyclables

◎ Dalhin sa tindahan ang mga maisasauling bote ng beer, sake atbp. (Hinuhugasan at paulit-ulit na nagagamit.)

◎ Ganap na ubusin ang laman, at banlawan.

◎ Tanggalin ang takip. (Itapon sa plastik na lalagyan at balot ang plastik na takip, at sa samu't saring basura ang metal na takip.)

◎ <u>Huwag isamang ilagay ang samu't saring basura at basurang ibabaon sa landfill.</u>

※ Samu't saring basura ang **mga lata ng tsitsirya / powdered milk / "Ittokan" na 18 litrong lata**; basurang ibabaon sa landfill naman ang **mga glass na kagamitan sa pagkain**.

※ Samu't saring basura ang **maliit na home appliance, kawali at takure**.

## ■ Samu't Saring Basura



1 beses sa isang buwan

- ○ Mga lata ng tsitsirya / powdered milk / "Ittokan" na 18 litrong lata
- ○ Mga maliit na de-kuryenteng kagamitan, kawali, takure at iba pang bagay na may metal
- ○ Payong, bumbilya, fluorescent light / fluorescent tube, salamin, dry cell na baterya, thermometer atbp.

### Mga Pangunahing Bagay



[Lata ng tsitsirya]



[Kawali]



[Payong]



[Salamin]



[Hair dryer]



[Fluorescent light / tube]



[Dry cell na baterya]



[Lata ng powdered milk]

### Paraan ng Pagtatapon ng Samu't Saring Basura

◎ Ubusin ang laman ng lighter.

◎ Gawan ng ligtas na paraan tulad ng pagbabalot sa papel atbp. at saka itapon ang mga bumbilya, fluorescent light, thermometer, kutsilyo at iba pang mga mapanganib na bagay.

※ Tanggalin ang baterya. (Dalhin sa collection box ng lungsod o nakikipagtulungang tindahan ang rechargeable na baterya.)

※ Para sa mga personal computer, magtanong sa manufacturer dahil nagsasagawa ng pagkolekta at pagrerecycle ang mga manufacturer. (Walang kinalaman kung mayroon o walang marka ng PC recycle.)

◎ Huwag isamang ilagay ang recyclables at basurang ibabaon sa landfill.

※ Malalaking basura ang **mga bagay na may laking hindi kasya ang 1 piraso sa itinalagang supot**.

※ Recyclables ang **mga lata ng de-latang inumin at pagkain**.

## ▲ Basurang Ibabaon sa Landfill



Ika-5 Miyerkules ng buwan

- ○ Mga seramika (tasa, pinggan, paso atbp.)
- ○ Mga pira-piraso ng glass (liban sa bote ng inumin, pagkain at cosmetics) atbp.


### Mga Pangunahing Bagay



[Pinggan / tasa]



[Paso]




[Baso / glass na tasa]



[Disposable na pampainit]

### Paraan ng Pagtatapon ng Basurang Ibabaon sa Landfill

◎ Gawan ng ligtas na paraan tulad ng pagbabalot sa papel ng bagay na nabasag.



◎ Huwag isamang ilagay ang recyclables at samu't saring basura.

※ Recyclables ang **mga bote ng pagkain, inumin at cosmetics**.

※ Hindi maaaring kolektahin ang tipak ng kongkreto o bakal, tile, bato o lupa (kasama ang bagay na nagmula sa planter, bonsai, gulayan sa tahanan atbp.)

※ Nasusunog na (susunuging) basura ang **mga paso at kagamitan sa pagkaing yari sa plastik**.


# Malalaking Basura

Nasa pahina 9 ang paraan ng pag-apply


**Reserbasyon sa telepono / May bayad**

○ Mga home appliance (liban sa mga home appliance na maaaring i-recycle at personal computer), muwebles at iba pang hindi kasya sa itinalagang supot


**Mga Pangunahing Bagay**




[Alpombra]



[Futon]



[De-kuryenteng produkto]



[Bisikleta]



[Heater, aparador]

**Paraan ng Pagtatapon ng Malalaking Basura**

◎ Tanggalan ng kerosene ang bagay na naglalaman ng kerosene. (Magiging sanhi ng sunog.)
◎ Tanggalin ang baterya ng bagay na naglalaman ng baterya. (Itapon ang dry cell na baterya sa samu't saring basura.)
◎ Itupi, irolyo, paliitin at talian ang mga futon atbp.
◎ Putulin nang hanggang 1 metro at bigkisin ang mahahabang bagay tulad ng kahoy atbp. (Hanggang mga 30 cm na diyametro)
◎ Kung bibili ng kapalit, ipakuha hangga't maaari sa tindahan.
◎ Itapon ang basura sa harap ng bahay. (Sa gusaling pabahay o lugar na hindi mapapasukan ng trak na nagkokolekta, sa itinakdang lugar noong nagpareserba)
◎ Takpan ng diyaryo, karton ng kahon atbp. at dikitan ng packing tape ang glass na bahagi para hindi kumalat kapag nabasag.


※ Hanggang 8 piraso ang kokolektahin sa 1 beses. (Maglaan ng 1 buwang pagitan mula sa huling pagkolekta.)
※ Hindi kokolektahin ang mga gamit ng lugar ng negosyo tulad ng kumpanya, tindahan, pabrika atbp.
※ Bumili ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura sa convenience store ~~o post office sa lungsod~~ nang hindi lalampas sa petsa ng pagkolekta. Isulat ang petsa ng pagkolekta at numero ng pagtanggap, idikit ang kinakailangang bilang ng piraso sa kitang-kitang lugar at saka itapon.
※ Hindi kokolektahin ang bagay liban sa inaplayan.
※ Para sa mga personal computer, magtanong sa manufacturer dahil nagsasagawa ng pagkolekta at pagrerecycle ang mga manufacturer.
(Walang kinalaman kung mayroon o walang marka ng PC recycle.)

# Home Appliance na Maaaring I-recycle

Nasa pahina 9 ang paraan ng pag-apply

**Reserbasyon sa telepono / May bayad**

**Mga Uri ng Home Appliance na Maaaring I-recycle**




**Bayad para sa Home Appliance na Maaaring I-recycle**

◎ Kailangan ang bayad sa proseso para sa home appliance na maaaring i-recycle.
◎ Kailangan ang bayad sa pagrerecycle (bibili ng tiket para sa pagrerecycle sa post office) at bayad sa pagkokolekta at paghahakot (2,500 yen para sa bawat 1 home appliance na maaaring i-recycle kung sa lungsod).
※ Magtanong sa Center ng Tiket para sa Pagrerecycle ng Home Appliance (0120-319-640) tungkol sa bayad sa pagrerecycle.

※ Kung alam ang tindahan, ipakuha sa tindahan.
※ Ipakuha sa tindahan o sa itinalagang lugar ng pagkuha ang mga gamit ng lugar ng negosyo tulad ng kumpanya, tindahan, pabrika atbp.
※ Hindi kokolektahin ang bagay liban sa inaplayan.


# Basura sa Di-regular na Panahon ng Pagkolekta

Nasa pahina 9 ang paraan ng pag-apply

**Reserbasyon sa telepono / May bayad**

○ Basurang kaakibat ng paglipat-bahay atbp. / magtatapon ng maraming basura sa maiksing panahon (liban sa home appliance na maaaring i-recycle)
○ Tungkol sa basurang maitatapon sa itinalagang supot, hangga't maaari antimanong ihiwalay at itapon sa regular na pagkokolekta ng basura.

## Mga Uri ng Basura sa Di-regular na Panahon ng Pagkolekta




[Maraming basura dahil sa paglipat-bahay atbp.]

※ Kailangan ang bayad sa pagkokolekta at paghahakot. (Takdang halaga --- 20,000 yen para sa isang 2-toneladang trak)
※ Hindi kokolektahin ang mga gamit ng lugar ng negosyo tulad ng kumpanya, tindahan, pabrika atbp.
※ Hindi nagkakarga mula sa loob ng tirahan.
※ Kailangang humarap sa mismong araw.

# Hindi maaaring mawala ang kooperasyon ng lahat ng mga residente para sa ligtas at panatag na pagkolekta ng basura

## ■Para maiwasan ang sunog sa trak na nagkokolekta ng basura o sa pasilidad para sa pagpoproseso■



Kapag nagkasunog sa trak na nagkokolekta ng basura o sa pasilidad para sa pagpoproseso, mapapanganib ang buhay ng mga trabahador, at may panganib na magkaroon ng malaking pinsala sa pasilidad atbp.

Upang hindi magdulot ng aksidente ng sunog, siguraduhing sundin ang mga sumusunod.

- Ubusin muna bago itapon ang mga portable gas cartridge at spray can. (Hindi kailangang butasan.)
- Ubusin ang laman bago itapon ang lighter sa samu't saring basura.
- Siguraduhing tanggalan ng panggatong ang bagay na naglalaman ng panggatong tulad ng kerosene atbp.
- Siguraduhing tanggalin ang baterya. (Itapon ang tinanggal na dry cell na baterya sa samu't saring basura. Dalhin sa collection box ng lungsod o nakikipagtulungang tindahan ang rechargeable na baterya.)
- Huwag itapon ang bagay na hindi maaaring kolektahin dahil mga bagay itong madaling magliyab.
- Kung may bagay na may panganib na sumindi tulad ng portable gas cartridge / spray can, lighter atbp. sa basura sa di-regular na panahon ng pagkolekta, siguraduhing ipaghiwalay at sabihin ito sa nagkokolektang trabahador.

※ Maaaring panagutin ang taong nagtapon kapag napag-alamang nagkaroon ng sunog sanhi ng di-wastong pagtatapon ng basura.

## ■Labag sa batas ang pagkuha ng mga aluminum na lata atbp.■

Nauukol sa lungsod ang karapatan ng pag-aari ng mga bagay na maaaring i-recycle sa resource tulad ng aluminum na lata, steel na lata at iba pang mga lata, mga bote, mga metal at iba pang kasama sa samu't saring basura na itinapon sa itinalagang supot mula sa bawat tahanan.

Labag sa batas ang basta-bastang pagkuha ng mga bagay na ito ng third party, kaya't huwag na huwag itong gawin.

# Paraan ng Pag-apply para sa Basurang Kailangan ng Reserbasyon sa Telepono

**1**

Tumawag sa telepono ng Reception Center para sa Malalaking Basura ng Lungsod ng Yao.
*Antimanong sukatin ang laki (haba ng 3 gilid) ng malalaking basura. (Nasa pahina 10 ang paraan ng pagsukat)

Telepono para lamang sa pag-apply **0800-222-9966 (libre ang pagtawag)**

Mula sa cellphone, PHS at ilang IP phone, 072-923-9966 (kailangan ang bayad sa pagtawag)
Oras ng Pagtanggap mula 9:00 am hanggang 5:00 pm
Lunes - Biyernes (Maaari sa pista opisyal)
*Dahil maraming tumatawag sa umaga ng Lunes, hinihiling ang inyong kooperasyon na tumawag hangga't maaari sa hapon o sa ibang araw ng linggo.

Para sa mga hindi makakapag-apply sa telepono, maaaring mag-apply sa FAX (072-923-9966). Mayroong application form sa Welfare Division para sa mga Taong May Kapansanan, Council of Social Welfare ng Lungsod ng Yao at Center for Independent Living Yao. Maaari ring i-download ang form mula sa website ng Lungsod ng Yao (http://www.city.yao.osaka.jp/).



**2**

Sabihin lamang ang address, pangalan, numero ng telepono, uri ng basurang itatapon, bilang, laki at kung makakapasok ang trak na nagkokolekta hanggang sa harap ng bahay (may mga bagay na hindi maaaring kolektahin).

**3**

**Malalaking basura**
Ipapaalam ang petsa ng pagkolekta, lugar ng pagkolekta, numero ng pagtanggap, kinakailangang bilang ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura at iba pang mga bagay na kinakailangan.

**Home appliance na maaaring i-recycle**
Ipapaalam ang petsa ng pagkolekta, numero ng pagtanggap, gastusin sa pagrerecycle, bayad sa lungsod at mga bagay na dapat pag-ingatan.

**Basura sa Di-regular na Panahon ng Pagkolekta**
Ipapaalam ang petsa ng pagkolekta, oras ng pagkolekta, numero ng pagtanggap, bayad sa lungsod at mga bagay na dapat pag-ingatan.

**4**

**Malalaking basura**

**① Pagbili ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura**
Bumili ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura sa convenience store ~~o post office sa lungsod~~.
(Sanggunian ang pahina 10)

**② Pagdikit ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura**
Isulat ang petsa ng pagkolekta at numero ng pagtanggap sa tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura at idikit ang kinakailangang bilang ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura sa kitang-kitang lugar.
*Siguraduhing maingat na itabi ang resibo para sa tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura hanggang matapos ang pagkolekta ng basura.


**③ Pagtatapon ng basura**
Itapon ang malalaking basura sa pinag-usapang lugar nang hindi lalampas ng alas 8 ng umaga ng araw ng pagkolekta.

**Home appliance na maaaring i-recycle**

**① Pagbabayad ng gastusin sa pagrerecycle**
Bayaran ang gastusin sa pagrerecycle sa post office nang hindi lalampas sa araw bago ng petsa ng pagkolekta, at tanggapin ang tiket para sa pagrerecycle ng home appliance.

**② Pagtatapon ng basura**
Itapon ang basura sa pinag-usapang lugar nang hindi lalampas ng 8:30 ng umaga ng araw ng pagkolekta.

**③ Pagkolekta**
Humarap sa pagkolekta, at pagkatapos noon, iabot ang tiket para sa pagrerecycle ng home appliance at bayad.



**Basura sa Di-regular na Panahon ng Pagkolekta**

**① Pagtatapon ng basura**
Itapon ang basura sa pinag-usapang lugar nang hindi lalampas sa oras ng reserbasyon sa mismong araw ng pagkolekta.

**② Pagkolekta**
Humarap sa pagkolekta, at pagkatapos noon, iabot ang bayad.




※ Pagkatapos ng pag-apply, **kung may pagbabago sa nilalaman ng in-apply** makipag-ugnayan sa Reception Center para sa Malalaking Basura ng Lungsod ng Yao **nang hindi lalampas sa 4 na araw bago ng naka-schedule na petsa ng pagkolekta (hindi kasama ang Sabado at Linggo), o nang hindi lalampas sa araw bago ng naka-schedule na petsa ng pagkolekta (hindi kasama ang Sabado at Linggo) kung ikakansela ang reserbasyon**.

## ○Tungkol sa Pagsukat ng Malalaking Basura

Sa patakaran, sukatin ang total na haba ng 3 gilid (taas, lapad at haba) ng malalaking basura sa kalagayan ng paggamit nito.

Subalit sukatin ang total na haba ng 3 gilid (taas, lapad at haba) sa kalagayang nakatiklop kung natitiklop na bagay, at sa kalagayang nakarolyo kung narorolyong bagay.

* Dahil magiging sanhi ng injury, huwag baklasin ang malalaking basura.





● Halimbawa ng natitiklop na bagay, at narorolyong bagay
Tent, stroller, kagamitan sa camping, tripod, stepladder, rubber boat, karpet, alpombra atbp.

※ Magtanong sa Reception Center para sa Malalaking Basura kung hindi alam ang paraan ng pagsukat.

## ○Tungkol sa Tiket ng Bayad sa Proseso para sa Malalaking Basura

Isang uri ng 400 yen na tiket ang tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura. Sa oras ng pag-apply, bumili ng kailangang bilang ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura na ipinaalam ng Reception Center para sa Malalaking Basura.




Siguraduhing isulat ang petsa ng pagkolekta (収集日) at numero ng pagtanggap (受付番号).

※ Kung lalampas sa 3 metro ang total na haba ng 3 gilid, kailangan ang 2 piraso ng 400 yen na tiket.
※ Hindi nagsasagawa ng pagtanggap ng cash sa oras ng pagkolekta.
※ Idikit ang tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura sa kitang-kitang lugar para makita ang numero ng pagtanggap sa oras ng pagkolekta.
※ Mag-ingat dahil kapag nadikit na ang tiket, hindi na ito matatanggal at maididikit muli.
※ Siguraduhing maingat na itabi ang resibo ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura hanggang matapos ang pagkolekta. Sa pagtatabi, isulat ang petsa ng pagkolekta sa resibo.

Nagtitinda ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura sa mga sumusunod na lugar. (Palatandaan ang sticker ng tindahang nangangalakal ng tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura.)

- ~~**Post office sa Lungsod ng Yao**~~
- **Convenience store sa Lungsod ng Yao**
  **Bawat branch ng 7-Eleven, Daily Yamazaki, FamilyMart, MINISTOP, Lawson sa lungsod (as of April 1, 2021)**



## ○Pamantayan ng Pangangasiwa sa Malalaking Basura (Mga Bagay na Eksepsyon kaugnay sa Pagkolekta)

Tungkol sa mga bagay na eksepsyon kaugnay sa pagkolekta, pangangasiwaan ayon sa sumusunod na talahanayan. Subalit maaaring magkaiba ang pamantayan sa pagdadala ng basura, kaya't magtanong sa Dibisyon ng mga Pasilidad para sa Kapaligiran (072-991-7362) para sa mga detalye.

(Mula sa pagkolekta ng Setyembre 1, 2016)

| Pangalan ng Bagay | Pamantayan ng Pangangasiwa |
|---|---|
| **B** | |
| Bat (*③) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 10 piraso |
| Bisikleta / De-kuryenteng bisikleta (tinanggalan ng baterya) | Ituturing na 1 piraso kahit gaano kalaki |
| **F** | |
| Fancy case (lalagyan ng mga damit na gawa sa pinagkabit-kabit na mga pipe) | Ituturing na 1 piraso kahit gaano kalaki |
| Fishing rod (*③) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 10 rod<br>(1 piraso rin ang set na may case) |
| Futon (*②) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 5 piraso |
| **G** | |
| Galbanisadong yero<br>[Hanggang 100 cm x 100 cm na laki, 2 mm na kapal] (*④) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 3 piraso |
| Gardening pole | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 20 piraso |
| Golf club | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 20 piraso<br>(1 piraso rin ang set na may bag) |
| **I** | |
| Inuupuang kutson (*②) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 10 piraso |
| **K** | |
| Kagamitan sa paglilinis (mop, walis atbp.) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 10 piraso |
| Kahon para sa damit (yari sa plastik) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 3 piraso |
| Kumot / De-kuryenteng kumot (*②) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 5 piraso |
| Kutson (*①) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 5 piraso |
| **M** | |
| Mattress (walang spring) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 2 piraso |
| **P** | |
| Paso (yari sa plastik) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 5 piraso |
| Planter (yari sa plastik) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 5 piraso |
| Pole na sampayan | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 2 piraso kahit gaano kahaba |
| Puno<br>[hanggang 10 cm na sirkumperensya x 100 cm na haba] | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 5 piraso |
| **R** | |
| Raketa (*③) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 10 piraso |
| **S** | |
| *Shinai* (kawayang espada) (*③) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 10 piraso |
| Ski pole (*③) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 10 piraso |
| **T** | |
| Tabla (kahoy, plastik)<br>[Hanggang 100 cm x 100 cm na laki, 20 mm na kapal] | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 3 piraso |
| Tablang hugis-alon<br>[Hanggang 100 cm x 100 cm na laki, 2 mm na kapal] (*④) | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 3 piraso |
| Tension pole | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 5 piraso |
| Tension shelf | Ituturing na 1 piraso ang hanggang 2 set |

Tala 1 Hindi maaaring ipagsama ang maraming bagay na magkakaiba.
Subalit maaaring ipagsama ang mga bagay na may markang * at parehong numero. Kung ipagsasama naman ang *②, pamantayan ng pangangasiwa ang 1 piraso hanggang 5 piraso, at sa ganitong kaso lang bibilangin bilang 0.5 piraso ang 1 kutsong inuupuan lang.
Hal: ① 1 piraso ang 3 kutson at 2 unan
② 1 piraso ang 2 futon, 2 kumot at 2 kutsong inuupuan

Tala 2 Sa pagtatapon, bigkisin ng tali atbp.

# Mga Pangunahing Bagay na Hindi Maaaring Kolektahin / Iproseso bilang Basura

Dahil maaaring maging sanhi ng aksidente ng sunog sa sasakyang nagkokolekta, sugat o injury sa trabahador, o pagkasira ng pasilidad para sa pagpoproseso ang mga basura mula sa mga industriya, bagay na mapanganib, bagay na mahirap iproseso bilang basura atbp., huwag itapon ang mga ito bilang basura.

## ★ Mga pangunahing bagay na hindi maaaring kolektahin / iproseso bilang basura

| | |
|---|---|
| ○Basura mula sa mga industriya | (Magkonsulta sa tagapagproseso ng basura mula sa mga industriya.) |
| ○Mga ibabasurang materyales na pang-konstruksyon at mga bagay na katulad nito<br>[Halimbawa]<br>Mga troso, lababo ng kusina, plaster board, piraso ng kongkreto, pangkabit ng mga pinto atbp., aluminum na kuwadro, lababo ng banyo, bakod, front door, gate, inidoro atbp. | (Magkonsulta sa propesyonal na tagapagproseso.) |
| ○Basurang langis / Pintura | (Magkonsulta sa propesyonal na tagapagproseso.) |
| ○Motorsiklo / Maliit na motorsiklo | (Magkonsulta sa tindahan.) |
| ○Mattress na may spring | (Magkonsulta sa manufacturer / tindahan.) |
| ○Fire extinguisher | (Magkonsulta sa manufacturer / tindahan.) |
| Baterya | (Magkonsulta sa tindahan.) |
| ○Gulong | (Magkonsulta sa tindahan.) |
| ○Hindi portable na safety box | (Magkonsulta sa manufacturer / tindahan.) |
| ○Gas cylinder | (Magkonsulta sa manufacturer / tindahan.) |
| ○Piano | (Magkonsulta sa manufacturer / tindahan.) |
| ○Oil heater | (Magkonsulta sa manufacturer / tindahan.) |
| ○Pambahay na Buddhist altar / Shinto altar | (Magkonsulta sa tindahan / templo ng sekta ng relihiyon.) |
| ○Windsurfing board | (Magkonsulta sa tindahan.) |
| ○Bakal na dumbbell / barbell / bakal na baras / tabla at iba pang tipak ng bakal | (Magkonsulta sa nangangalakal sa lumang metal.) |
| ○Bricks, batong gilingan, bloke, produktong kongkreto atbp. | (Magkonsulta sa propesyonal na tagapagproseso.) |
| ○Vinyl na pang-agrikultura | (Magkonsulta sa tindahan / propesyonal na tagapagproseso.) |

## ★ Kung hindi nalalaman ang tindahan

(as of April 1, 2021)

| Bagay | Organisasyong Pang-industriya atbp. | Telepono |
|---|---|---|
| Motorsiklo<br>Maliit na motorsiklo | Motorcycle Recycling Call Center | 050-3000-0727 |
| Fire extinguisher | Osaka Firefighting Equipment Cooperative<br>⇒Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga tindahan | 06-6325-0660 |
| | General Incorporated Foundation Osaka Prefecture Fire and Disaster Prevention Association<br>⇒Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa manufacturer | 06-6943-7654 |
| Baterya | General Incorporated Association Battery Association of Japan | 03-3434-0261 |
| Gulong | Kinki Branch ng The Japan Automobile Tyre Manufacturers Association, Inc. JATMA | 06-6351-6747 |
| Tangke ng LPG | General Incorporated Association Osaka Prefecture LP Gas Association | 06-6264-7888 |
| High pressure gas cylinder | Kinki High Pressure Gas Container Management Committee | 06-6251-5179 |
| Basura mula sa mga industriya | Guidance Office ukol sa Basura mula sa Industriya, Sound Material-Cycle Society Division, Environment Department ng Lungsod ng Yao | 072-924-3772 |

## Pamamaraan ng Boluntaryong Pagkolekta ng Manufacturer / Industriya

(as of April 1, 2021)

| Bagay | Organisasyong Pang-industriya atbp. | Telepono |
| --- | --- | --- |
| Personal Computer | General Incorporated Association PC3R Promotion Association | 03-5282-7685 |
| Maliit na sekundaryong baterya (rechargeable na baterya)) | General Incorporated Association JBRC | 03-6403-5673 |
| FRP boat | General Incorporated Association Japan Marine Industry Association | 03-5542-1201 |

# Sistema ng Suporta sa Pagrerecycle

**1. Pangkatang pangongolekta ng may halagang materyal**

Sa Lungsod ng Yao, hindi kinokolekta sa lungsod ang mga karton ng kahon, diyaryo at iba pang may halagang materyal, kundi nananawagan sa pagrerecycle gamit ang pangkatang pangongolekta ng may halagang materyal na isinasagawa ng samahan ng mga taong-bayan, samahan ng mga bata at iba pang organisasyon ng mga residente.

Nagkakaloob din ng insentibo sa mga organisasyong nagsasagawa ng pangkatang pangongolekta ng may halagang materyal, ayon sa kinolektang bigat sa layuning mabawasan ang basura, maisulong ang pagrerecycle sa resources, at mapangalagaan ang kapaligiran sa pamumuhay.

Insentibo 5 yen sa bawat 1 kg

~~**2. Paggawa ng compost mula sa nabubulok na basura**~~

~~Mga 40% ng mga nasusunog na (susunuging) basurang tinatapon mula sa karaniwang tahanan ang nabubulok na basura tulad ng tirang pagkain, pira-piraso mula sa pagluluto atbp. Ginagawang magandang compost ang nabubulok na basura ng lalagyang pang-compost ng nabubulok na basura para mapakinabangan ito bilang pataba sa gulayan sa tahanan o pang-gardening.~~

~~Sa Lungsod ng Yao, nagsasagawa ng tulong sa pagpapahiram o gastusin sa pagbili ng lalagyang pang-compost.~~


~~**(1) Pagpapahiram ng lalagyang panggawa ng *bokashi* (uri ng pataba)**~~

~~Nag-aanyaya 2 beses sa isang taon (Hulyo-Agosto, Enero-Pebrero) para sa pagpapahiram ng lalagyang panggawa ng *bokashi*. Tingnan ang newsletter ng lungsod (edisyon ng Agosto at Pebrero) para sa mga detalye.~~

~~**(2) Tulong sa gastusin sa pagbili ng de-kuryenteng makinang pamproseso ng nabubulok na basura at pang-compost**~~

~~Nagbibigay ng tulong na kalahati ng halaga ng pagbili. Subalit 20,000 yen para sa de-kuryenteng makinang pamproseso ng nabubulok na basura, at 3,000 yen para sa pang-compost ang pinakamataas na hangganan. Magtanong sa Sound Material-Cycle Society Division bago bumili.~~

~~Magtanong sa Sound Material-Cycle Society Division (072-924-3866) tungkol sa pangkatang pangongolekta ng may halagang materyal at paggawa ng compost mula sa nabubulok na basura.~~


# Lugar na Pinaglalagyan ng mga Collection Box

## 1. PET Bottles

Main building ng City Hall, mga branch office ng Yamamoto, Ryūge, Takayasu, Minami-Takayasu, Akegawa, Shiki, Taishō, Takefuchi, Kyūhōji, Nishigōri, Public Cleaning Office, Waterworks Bureau, Recycle Center (Learning Plaza "Meguru"), mga public health center, Education Center

※ Nasa main office, bawat branch office (community center) o nakasulat sa website ng Lungsod ng Yao ang tungkol sa kalagayan ng paglalagay ng collection box sa mga retail store sa lungsod.

[Kalagayan ng Paglalagay ng Collection Box]

## 2. Rechargeable na Baterya

**(1) Mga pampublikong pasilidad ng lungsod**

Main building ng City Hall, mga branch office ng Yamamoto, Ryūge, Takayasu, Minami-Takayasu, Akegawa, Shiki, Taishō, Takefuchi, Kyūhōji, Nishigōri, Public Cleaning Office, Waterworks Bureau, Recycle Center (Learning Plaza "Meguru"), mga public health center, Education Center

**(2) Tindahang nakikipagtulungan sa pagrerecycle ng rechargeable na baterya**

Ilagay sa "Recycle box ng rechargeable na baterya" na nakalagay sa tindahang nakikipagtulungan sa pagrerecycle (retail store ng home appliance atbp.).

[Tindahang nakikipagtulungan sa pagrerecycle ng rechargeable na baterya]

※ Itapon sa samu't saring basura ang bateryang hindi rechargeable.

# Pagkolekta para sa Pag-uugnayan

## Ano ang pagkolekta para sa pag-uugnayan?

Para sa matatanda, taong may kapansanan, nagbubuntis o nagpapasusong babae, taong may pinsala sa katawan o karamdaman na mag-isang naninirahan at hindi makatamo ng kooperasyon ng taong malapit sa kanila, at nahihirapang magdala sa tambakan mula sa kanilang tahanan, pupunta hanggang sa pintuan ng bawat bahay ang nagkokolektang trabahador para kolektahin ang basura. Magsasagawa rin ng pagtiyak ng kaligtasan ayon sa kanilang kahilingan.

## Mga taong sakop



(1) Taong nasa level 1 o higit pa ng kailangan ng long-term care sa pagkilala bilang taong kailangan ng long-term care
(2) Taong nasa antas 1 o 2 sa libreto ng taong may pisikal na kapansanan
(3) Taong nasa A sa libreto ng taong may mental na kapansanan
(4) Taong nasa antas 1 sa libreto ng kalusugan at kagalingan ng taong may mental disorder
(5) Babaeng nagbubuntis o nagpapasuso
(6) Bukod sa nakasulat sa itaas na (1) hanggang (5), taong nahihirapang magtapon ng basura dahil nakakabigat ang paglalakad, pag-akyat-baba sa hagdanan at iba pa dahil matanda na o dahil sa sugat o injury / karamdaman, at kinilala ng mayor na partikular na nangangailangan

※ Kahit taong may kasama sa tirahan, sakop dito kung sumasailalim sa kondisyong nakasulat sa itaas ang kasama sa tirahan.

## Mapagtatanungan / Paraan ng pag-apply

Mag-apply sa telepono (072-991-6254) o sa FAX (072-999-4625) sa Dibisyon ng mga Proyekto ukol sa Kapaligiran. Pagkatapos matanggap ang aplikasyon, dadalaw sa bahay at magsasagawa ng interview para tiyakin kung angkop o hindi ang paggamit ng serbisyo.

※ Sa interview, kinakailangan ang pagharap ng taong nakakaalam ng kalagayan ng pamumuhay ng aplikante tulad ng care manager at iba pa.

Tingnan din ang website ng lungsod

# Kung Sariling Dadalhin ang Basura


| Uri ng Basura | Nasusunog na (Susunuging) Basura | Recyclables / Samu't Saring Basura / Malalaking Basura | Basurang Ibabaon sa Landfill |
|---|---|---|---|
| **Pasilidad ng pagtanggap** | Pinakahuling lugar na pagtatapunan ng mga karaniwang basura ng Lungsod ng Yao | Yao Municipal Recycle Center | Pinakahuling lugar na pagtatapunan ng mga karaniwang basura ng Lungsod ng Yao |
| **Address** | 9-36 Kamio-chō, Yao-shi | 2-11 Akebono-chō, Yao-shi | 9-36 Kamio-chō, Yao-shi |
| **TEL** | 072-993-1767 | 072-992-2060 | 072-993-1767 |
| **Oras ng Pagtanggap** | 9:30 - 11:30 am<br>1:00 - 3:30 pm<br>(sarado tuwing Sabado at Linggo, bukas sa pista opisyal) | 9:00 - 11:45 am, 12:45 - 4:00 pm<br>(sarado tuwing Sabado at Linggo, bukas sa pista opisyal)<br>※ Subalit hindi maaaring tumanggap kapag Miyerkules. | 9:30 - 11:30 am<br>1:00 - 3:30 pm<br>(sarado tuwing Sabado at Linggo, bukas sa pista opisyal) |
| **Bayad sa proseso** | 100 yen sa bawat 10 kg | 200 yen sa bawat 10 kg | 100 yen sa bawat 10 kg |


※ May bayad kung dinala ang basura at prinoseso sa kinauukulang pasilidad. Magtanong sa Dibisyon ng mga Pasilidad para sa Kapaligiran (072-991-7362) para sa mga detalye. At kahit bagay na maaaring kolektahin, maaaring tanggihan ang pagdadala para mapanatili ang pangangasiwa ng kaligtasan at maisulong ang wastong pagtatapon sa pasilidad.

※ Sa pribadong sasakyan lamang (hindi maaari ang sasakyang may pangalan ng kumpanya atbp.) ang pagdadala. Hindi rin maaari ang pagdadala sa hindi pribadong sasakyan (paglalakad, bisikleta, motorsiklo atbp.).

※ Hindi maaari ang pagdadala sa pamamagitan ng kinatawan. Siguraduhing ang mismong taong magtatapon ang magdala.

◀Pinakahuling lugar na pagtatapunan ng mga karaniwang basura ng Lungsod ng Yao▶




◀Yao Municipal Recycle Center▶

## Yao Municipal Recycle Center Learning Plaza “Meguru”



Binuksan noong 2009 tungo sa pagbubuo ng Sound Material-Cycle Society. Bukod sa tour ng site ng pagpoproseso ng basura at pag-aaral tungkol sa kapaligiran simula sa 3Rs ng basura, maaari ring sumubok sa workshop tulad ng paggawa ng denim bag, paggawa ng eco soap, paggawa ng eco bag mula sa binagong anyo ng damit atbp.

**Learning Plaza sa loob ng Yao Municipal Recycle Center**
**Para sa mga katanungan sa “Meguru”...**

**TEL: 072 - 994 - 0564**

~~Tingnan ang website sa http://yao-meguru.jp/.~~
~~(Maaaring tingnan mula sa QR code sa kanan.)~~

# App ng Pagtataguyod sa Pamumuhay “Yaoppu”

Smartphone app na mapapakinabangan sa pamumuhay sa Lungsod ng Yao ang app ng pagtataguyod sa pamumuhay “Yaoppu.”
May mga kapaki-pakinabang na function tulad ng kalendaryo ng araw ng pagkolekta, diksyonaryo ng paghihiwalay ng basura, antimanong abiso sa araw ng pagkolekta atbp.
Bukod sa “Basura,” mayroong contents na mapapakinabangan sa pamumuhay tulad ng “Pag-iwas sa sakuna,” “Pagpapalaki ng anak,” “Turismo” atbp.

## 1 Paraan ng pag-download

I-scan ang QR code ayon sa tipo ng inyong smartphone, o hanapin ang “Lungsod ng Yao (八尾市)” sa App store (iPhone) o Google Play (Android).

[iPhone] [Android]

## 2 Mga Panimulang Setting




Sunod-sunod na piliin at gawin ang sumusunod na mga panimulang setting. Kahit natapos nang i-enter, maaari pa ring baguhin mula sa “Mga Panlahat na Setting (共通設定)” sa “Menu (メニュー).”

- **Setting ng mga property (属性設定)**
  Piliin ang edad, kasarian, distrito ng elementary school atbp.
- **Setting ng kategorya (カテゴリ設定)**
  Lagyan ng check ang kategoryang kailangang i-display.
- **Setting ng area (エリア設定)**
  Piliin ang pangalan ng bayan ng inyong tirahan.
- **Setting ng menu display (メニュー表示設定)**
  Piliin ang nais na display mula sa 2 uri ng “Normal menu (通常メニュー)” at “Simple menu (シンプルメニュー).”

## 3 Tungkol sa bawat function


Kapag pinili ang “Basura / Kapaligiran (ごみ・環境)” mula sa “Menu (メニュー),” ipapakita ang 7 item.




- **Kalendaryo ng basura (ごみカレンダー)**
  Ipapakita ang kalendaryo ng araw ng pagkolekta sa piniling area.
- **Paraan ng pagtatapon ng basura (ごみの出し方)**
  Ipapakita ang paraan ng paghihiwalay at pagtatapon ng basura sa Lungsod ng Yao.
- **Diksyonaryo ng paghihiwalay ng basura (分別辞典)**
  Ipapakita ang paraan ng paghihiwalay sa bawat bagay ng basura.
- **Mga madalas na katanungan (よくある質問)**
  Ipapakita ang mga madalas itanong na katanungan at sagot dito.
- **Mapagtatanungan (お問い合わせ先)**
  Ipapakita ang may tungkulin kaugnay sa kapaligiran na dibisyong pagtatanungan.
- **Setting ng mga item para sa alerto (アラート項目設定)**
  Maaaring i-set kung mayroon o walang antimanong abiso sa araw ng pagkolekta.
- **Setting ng oras ng alerto (アラート時刻設定)**
  Maaaring i-set ang oras ng antimanong abiso sa araw ng pagkolekta.

Tingnan ang sumusunod na pahina para sa mga detalye ng bawat function.

# 7 Kapaki-pakinabang na Function kaugnay sa Basura





## ○ Kalendaryo ng basura (ごみカレンダー)

Ipapakita ang kalendaryo ng araw ng pagkolekta sa piniling area.

Ipapaalam din dito kung may pagbabago sa araw ng pagkolekta dahil sa katapusan at simula ng taon atbp.





## ○ Paraan ng pagtatapon ng basura (ごみの出し方)

Kapag pinili ang uri ng basura, may paliwanag kaugnay sa mga pangunahing bagay at paraan ng pagtatapon ng basura.








## ○ Diksyonaryo ng paghihiwalay ng basura (分別辞典)

Function ito kung saan malalaman ang paraan ng paghihiwalay ng basura ayon sa bawat bagay.

Kapag pinili ang bagay, ipapakita ang mga paalala na mag-ingat sa paraan ng paghihiwalay, paraan ng pagtatapon atbp. ng bagay na iyon.

Nakasulat ang mga 1,300 bagay, ngunit kung may bagay na hindi nakasulat sa diksyonaryo ng paghihiwalay ng basura at hindi alam kung paano itapon, magtanong sa Sound Material-Cycle Society Division (072-924-3866).





## ○ Mga madalas na katanungan (よくある質問)

Isinulat dito ang mga kaugnay sa itinalagang supot, mga kaugnay sa malalaking basura at iba pang madalas itanong na katanungan.




## ○ Mapagtatanungan (お問い合わせ先)

Kung may bagay na hindi maintindihan, magtanong sa may tungkulin. Maaaring direktang tumawag kapag pinili ang numero ng telepono mula sa screen na ito.




## ○ Setting ng mga item para sa alerto (アラート項目設定)

Maaaring i-set kung mayroon o walang antimanong abiso para sa bawat uri sa paghihiwalay sa araw ng pagkolekta .

Maaaring iwasan ang pagkalimot ng pagtatapon ng basura.




## ○ Setting ng oras ng alerto (アラート時刻設定)

Maaaring i-set ang oras ng pag-abiso sa araw bago at sa mismong araw ng pagkolekta, tungkol sa araw ng pagkolekta ng basurang naitakda sa setting ng mga item para sa alerto.

Maaaring magtapon ng basura nang hindi natataranta sa mismong araw ng pagkolekta dahil aabisuhan din sa araw bago nito.

# Mga Tanong at Sagot kaugnay sa Basura

## ○Tungkol sa itinalagang supot

### Ano ang paraan ng pamamahagi ng itinalagang supot para sa tahanan?

Ipinapadala 2 beses sa isang taon (Agosto-Setyembre, Pebrero-Marso) sa bahay ng pinuno ng grupo ng samahan ng mga taong-bayan, at ipinamamamahagi sa bawat tahanan.

Maaari ring ipamahagi mula sa may-ari o tagapangasiwa ng condominium at iba pang gusaling pabahay.

Ipapadala ang tiket para sa pagkuha sa mga bahay na hindi kasapi sa samahan ng mga taong-bayan sa parehong panahon, kaya't kunin sa tanggapan ng pamamahagi ng itinalagang supot sa 1F ng main building ng city hall.

### Paano kapag nagkulang ang itinalagang supot?

Namimigay sa tanggapan ng pamamahagi ng itinalagang supot sa 1F ng main building ng city hall sa oras na bukas ang tanggapan mula Lunes hanggang Biyernes, kapag nagkulang dahil sa pagdami sa bilang ng miyembro ng sambahayan, paggamit ng papel na lampin atbp. Subalit nililimitahan ang bilang ng iaabot sa isang beses mula sa pananaw ng pagbabawas at planadong pagkolekta ng basura.

## ○Tungkol sa malalaking basura

### Kailangang itapon sa malalaking basura kung hindi magkasya sa supot, pero hanggang saan dapat magkasya?

Itali ang itinalagang supot, at kung may lumabas mula sa supot, itapon bilang malalaking basura.

### Kailangan bang baklasin kapag magtatapon ng malalaking basura mula sa bahay?

Sa patakaran, huwag baklasin ang malalaking basura dahil magiging sanhi ito ng injury.

Subalit maaaring baklasin para gawing madali ang paghahakot mula sa pintuan at pagdadala nito. Gawin naman ang pagsukat ng haba sa kalagayan bago ng pagbaklas.

### Ano ang dapat gawin sa sumobrang tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura?

Maingat na itabi ang sumobrang tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura dahil maaari itong gamitin sa susunod na beses na magtatapon ng malalaking basura. Kung nais naman ang pagsasauli sa cash, maaaring isauli kapag ginawa ang takdang palakad sa Dibisyon ng mga Proyekto ukol sa Kapaligiran para lamang sa hindi pa nagagamit na tiket ng bayad sa proseso para sa malalaking basura.

## ○Tungkol sa basura sa di-regular na panahon ng pagkolekta

### Ano ang dapat gawin kung maraming basurang itatapon dahil sa paglipat-bahay atbp.?

Dahil basura sa di-regular na panahon ng pagkolekta ang mga ito, mag-apply para sa pagkolekta ng basura sa di-regular na panahon ng pagkolekta sa Reception Center para sa Malalaking Basura ng Lungsod ng Yao.

20,000 yen ang bayad para sa isang 2-toneladang trak.

# Mga Tanong at Sagot kaugnay sa Basura

## ○Tungkol sa pagrerecycle

### Ano ang dahilan kung bakit kailangang linisin bago itapon ang mga plastik na lalagyan at balot at PET bottle?

Dahil may panganib na makasagabal sa pagrerecycle kapag itinapon nang may naiibang bagay o dumi.

Isinasagawa ang gawain ng pagbubukod ng mga may naiibang bagay o dumi sa pamamagitan ng kamay ng tao sa Yao Municipal Recycle Center.

Dahil kailangan ng maraming tauhan para sa gawaing ito at para maisagawa nang mas mahusay ang pagrerecycle, hinihiling ang kooperasyon ng lahat ng mga residente sa pagtatapon sa kalagayang malinis at tinanggalan ng naiibang bagay.

### Paano nirerecycle ang mga plastik na lalagyan at balot na ihiniwalay at kinolekta?

Matapos ipagbukod ang mga plastik na lalagyan at balot na ihiniwalay at kinolekta sa Yao Municipal Recycle Center, pinapasa ito sa kumpanyang muling gagawa ng produkto mula sa mga ito, at pangunahing nirerecycle sa isa sa mga sumusunod na paraan.

① Kung irerecycle at gagawing material (materyales)

Tinutukoy dito ang muling paggawa sa produktong yari sa plastik para magamit ulit. Sa layon ng paggamit, mayroong timba, triangular cone, planter (paso), pallet para sa paghakot ng produktong pang-industriya, wheel stopper atbp.

② Kung irerecycle at gagawing chemical (kemikal)

Tinutukoy dito ang muling paggawa sa langis o batayang kemikal na panggatong para magamit ulit sa pamamagitan ng pag-init at paglagay ng presyon, gamit ang katunayang binubuo ng carbon at hydrogen ang plastik. Sa layon ng paggamit, mayroong sangkap na materyal sa industriya ng kemikal, reducing agent ng blast furnace, kapalit ng coking coal sa coke oven, kemikal na materyal tulad ng ammonia, methanol, atbp.

### Paano dapat itapon ang diyaryo o karton ng kahon?

Hinihiling ang pagtapon ng mga lumang papel na maaaring i-recycle tulad ng diyaryo / karton ng kahon atbp. hindi sa regular na pagkolekta ng lungsod, kundi sa pangkatang pangongolektang isinasagawa ng samahan ng kapitbahayan, samahan ng mga bata atbp.

At kung walang organisasyong nagsasagawa ng pangkatang pangongolekta sa inyong paligid, hinihiling na ipa-recycle hangga't maaari ang mga lumang papel tulad ng pagpakolekta sa pribadong kumpanya ng lumang papel atbp.

Tingnan ang website ng Lungsod ng Yao para sa paraan ng pagtatapon ng mga lumang papel at listahan ng mga nangongolektang kumpanya.

Matitingnan mula sa QR code sa kanan.

## Itapon sa pangkatang pangongolekta ang "samu't saring mga papel"

Tinatawag na "samu't saring mga papel" ang mga papel na maaaring i-recycle tulad ng mga flyer, paper bag at iba pa, na maaaring i-recycle tulad ng mga "diyaryo" o "karton ng kahon." Gagaan ang pasanin sa kapaligiran, at mauugnay rin sa pagbabawas ng gastusin sa pagsunog.

Sanggunian ang talaan ng klasipikasyon ng samu't saring mga papel sa pahina 20, at huwag itapon bilang nasusunog na (susunuging) basura ang samu't saring mga papel, kundi itapon sa pangkatang pangongolekta at i-recycle.


Kapag itatapon, mag-ingat upang hindi makalat tulad ng iipit sa magasin, ilagay sa supot, talian ng lubid at iba pa.



# Talaan ng klasipikasyon ng samu't saring mga papel

| | Samu't saring papel | Nasu-sunog | Tala |
|---|---|---|---|
| **B** | | | |
| Baraha (papel) | ○ | | |
| Board na nakaipit sa damit | ○ | | |
| Business card | ○ | | |
| **C** | | | |
| Carbon paper | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Cardboard | ○ | | |
| Core ng food wrap | ○ | | |
| Core ng toilet paper | ○ | | |
| Crimped postcard | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| **F** | | | |
| Fax paper | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Flyer | ○ | | |
| Folder (papel) | ○ | | |
| **G** | | | |
| Glossy paper | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Gold foil / Silver foil | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| **I** | | | |
| Inkjet paper | ○ | | |
| **K** | | | |
| Kahon ng cosmetics | ○ | | |
| Kahon ng food wrap | ○ | | Tanggalin ang parteng metal atbp. |
| Kahon ng gamot | ○ | | |
| Kahon ng pagkain | ○ | | |
| Kahon ng sabong panlaba | | ○ | Dahil matapang ang amoy |
| Kahon ng sapatos | ○ | | |
| Kahon ng tissue | ○ | | Tanggalin ang vinyl atbp. |
| Kahon ng tsitsirya | ○ | | |
| Kalendaryo | ○ | | Tanggalin ang parteng metal atbp. |
| Katalog | ○ | | |
| Kitchen paper | | ○ | Nasusunog kahit hindi pa nagagamit |
| Kraft paper | ○ | | |
| **L** | | | |
| Lalagyan ng cup noodles (papel) | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Lalagyan ng pagkain (papel) | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Libreng pahayagan | ○ | | |
| Litrato | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| **M** | | | |
| Materyal na pang-cushion (papel) | ○ | | |
| Materyal na pang-packing (papel) | ○ | | |
| Mga handout | ○ | | |
| **N** | | | |
| Notebook | ○ | | |
| **O** | | | |
| Oiled paper | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Origami | ○ | | |

| | Samu't saring papel | Nasu-sunog | Tala |
|---|---|---|---|
| **P** | | | |
| Packing tape | | ○ | |
| Pambalot na papel / Kahon ng sabon | | ○ | Dahil matapang ang amoy |
| Pamphlet | ○ | | |
| Papel na karton ng sake | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Papel na lampin | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Papel na pang-memo | ○ | | |
| Papel na panliham | ○ | | |
| Paper bag | ○ | | Nasusunog ang mga may coating<br>Tanggalin ang parteng metal atbp. |
| Paper cup | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Paper napkin | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Paper plate | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Paper tape | ○ | | |
| Paper towel | | ○ | Nasusunog kahit hindi pa nagagamit |
| Photocopy paper | ○ | | |
| Posporo | ○ | | Tanggalin ang bahaging pansindi |
| Postcard | ○ | | Nasusunog ang prinoseso tulad ng litrato |
| Poster | ○ | | |
| Price tag (papel) | ○ | | |
| **R** | | | |
| Resibo | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| **S** | | | |
| Shikishi (square card) | ○ | | |
| Sketchbook | ○ | | Tanggalin ang parteng metal atbp. |
| Sobre | ○ | | Tanggalin ang bahaging pandikit at cellophane |
| Sticker, dinidikitan ng sticker | | ○ | Dahil sa special processing nito |
| Supot ng bigas (papel) | ○ | | |
| Supot ng disposable chopsticks | ○ | | |
| Supot ng gamot ng ospital | ○ | | |
| **T** | | | |
| Textbook | ○ | | |
| Tissue paper | | ○ | Nasusunog kahit hindi pa nagagamit |
| Toilet paper | | ○ | Nasusunog kahit hindi pa nagagamit |
| **W** | | | |
| Wet tissue | | ○ | Nasusunog kahit hindi pa nagagamit |
| Wrapping paper | ○ | | |



Magtapon alinsunod sa patakaran ng organisasyong nagsasagawa ng pangkatang pangongolekta.

# Basura mula sa mga Negosyo

- ○ Tungkol sa nasusunog na (susunuging) basura, mangyaring ipagkatiwala sa kumpanyang may pahintulot dahil nagsimula ang sistema ng pahintulot sa pagkolekta at paghahakot mula noong piskal na taong 2006.
- ○ Tungkol sa basura mula sa mga industriya, magkonsulta sa tagapagproseso ng basura mula sa mga industriya.

| | |
|---|---|
| Nasusunog na (susunuging) basura | ○Pumili mula sa mga kumpanyang nakasulat sa “Listahan ng mga Kumpanyang May Pahintulot sa Pagkolekta at Paghahakot ng Karaniwang Basura mula sa mga Negosyo” na tumanggap ng pahintulot mula sa mayor ng Lungsod ng Yao.<br>※Nasa main office at bawat branch office, o sa website ng Lungsod ng Yao ang listahan ng mga kumpanyang may pahintulot.<br>○Tungkol sa bayad sa pagkakatiwala, dami ng itatapon, paraan ng pagtatapon, araw ng pagkolekta, oras ng pagkolekta atbp., antimanong magkonsulta at saka makipagkontrata sa kinauukulang kumpanyang may pahintulot. |
| Recyclables / Samu't saring basura / Basurang ibabaon sa landfill | ○ Tungkol sa proseso para sa kaunting bagay na pareho sa basurang tinatapon mula sa tahanan tulad ng bote ng inuming kinonsumo ng empleyado, lata, payong, tasa atbp., magkonsulta sa Guidance Office ukol sa Karaniwang Basura, Sound Material-Cycle Society Division (072-924-3866).<br>○ Pagkatapos malaman mula sa pagtatanong ang dami ng itatapon, kadalasan ng pagtatapon atbp., bumili ng itinalagang supot para sa mga negosyo (recyclables / ibabaon sa landfill / samu’t saring basura) nang **may bayad**, at maaaring itapon ang basura. |

※ Tinatawag na basura mula sa mga negosyo ang mga ibabasurang bagay na nalikha kaakibat hindi lamang sa layunin ng kita ng mga restawran o kumpanya atbp., kundi kasama rin ang mga aktibidad ng negosyo ng pagsasagawa ng pampublikong serbisyo atbp. ng mga ospital, paaralan atbp.

※Kahit pareho ang tindahan o lugar ng negosyo atbp. sa tirahan, iproseso bilang basura mula sa mga negosyo ang basurang mula sa tindahan o lugar ng negosyo.

# Para Hindi Halungkatin ng mga Uwak ang Supot ng Basura

Pinakamahalaga sa mga hakbang laban sa uwak ang bawasan ang nabubulok na basurang nagsisilbing mabuti nilang pagkain. Para rito, gawan ng paraan sa karaniwan tulad ng huwag magluto ng sobra, huwag magtira ng pagkain, gawing compost (sanggunian ang p. 13) at iba pa. At sa pamamagitan ng mahigpit na pagpiga ng nabubulok na basura, mayroong 10% epekto ng pagbabawas ng dami.

Sa pamamagitan ng pagbalot ng nabubulok na basura sa hindi na kailangang papel at paglagay sa gitna ng supot para maitago ang nabubulok na basura, bababa ang posibilidad na mapinsala.



Sa pamamagitan ng hindi pagpapakita ng mga bagay na kulay pula o orange sa loob ng supot ng basura, bababa ang posibilidad na mapinsala. (May ugaling maghalungkat ng supot ang mga uwak dahil mukhang karne o prutas ang mga kulay na ito.)



## ◎Kapag gagamit ng net na pantaboy sa uwak o plastik na balde...

Kapag panibagong gagamit ng net na pantaboy sa uwak o plastik na balde para maiwasan ang hindi pagsasama sa pagkolekta, antimanong makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Proyekto ukol sa Kapaligiran (072-991-6254). At siguruhin ang kaligtasan upang hindi makahadlang sa pagdaan ng taong naglalakad, bisikleta at iba pa, at ligpitin ito pagkatapos ng pagkolekta.

**Kaunting paraan sa net**

- Gawing net na pino ang mesh (5 mm x 5 mm pababa) hangga’t maaari, upang mawalan ng puwang.
- Hindi lamang pagpatong sa ibabaw, kundi isingit ang gilid ng net sa ilalim ng supot ng basura.

Tingnan din ang website ng lungsod

# Tungo sa "Serong basura! Lipunan kung saan napapaikot ang resources"



~ Sa Lungsod ng Yao, isinusulong ang **3Rs** tungo sa pagbubuo ng Sound Material-Cycle Society ~




## Reduce

➡ **Pagbabawas / Pagpigil sa paglikha ng bagay na magiging basura**




Hal ... Kapag mamimili, magdala ng eco bag.
Kapag kakain, huwag gumamit ng disposable chopsticks kundi gamitin ang sariling chopsticks.
Piliin at bilhin hindi ang disposable na produkto, kundi bagay na matagal na magagamit.

**"Isaisip ang hindi paglikha ng basura"**



## Reuse

➡ **Paggamit muli**




Hal ... Ibigay ang hindi na kasyang damit sa nakababatang kapatid.
Ipamigay sa ibang tao ang bagay na hindi na kailangan pero magagamit pa.
Bago itapon, isipin kung may mapaggagamitan, at muling gamitin.

**"Maingat na gamitin ang mga bagay"**

## Recycle

➡ **Pagbalik sa resource ng hindi kailangang gamit, at paggamit nito sa muling paggawa ng produkto**

Hal ... Ipaghiwalay nang husto ang mga basura upang madaling i-recycle. Isama sa pangkatang pangongolekta sa samahan ng mga bata, samahan ng mga taong-bayan atbp. ang mga diyaryo at magasin.

**"Ipaghiwalay nang husto"**

Tinatawag na "**Three Rs**" mula sa unang titik na "**R**" ng 3 salita


Iipunin sa Yao Municipal Recycle Center ang mga bagay na ipinaghiwalay sa bahay, para panibagong malikha sa susunod na pabrika.

## Panibagong malilikha



Plastik na lalagyan at balot ➡ Timba / CD / Stationery / Triangular cone atbp.
PET bottle ➡ PET bottle / Alpombra / Damit na fleece atbp.
Recyclables (Glass na bote) ➡ Glass na bote / Holen / Materyal na panlatag sa kalye atbp.
Recyclables (Aluminum na lata) ➡ Aluminum na lata / Parts ng kotse atbp.
Recyclables (Steel na lata) ➡ Steel na lata / Materyales na pang-konstruksyon (steel na materyales) atbp.







Sa buong lungsod ng Yao, sa pamamagitan ng pagbabawas ng 100 g sa isang araw ng isang tao, mababawasan ng mga 10,000 tonelada sa isang taon. Basura kapag pinagsama, resource(s) kapag ihiniwalay.

May hangganan ang resources ng daigdig. Para sa daigdig kung saan tayo namumuhay, at para sa mga bata sa hinaharap...

・Talaga bang kailangan ang produktong kinuha?
・Hindi ba magagamit pa?
・Hindi ba maipaghihiwalay?

Muling gunitain ang **3Rs**, at sama-sama tayong magsikap



# HAPPY EARTH DAY OSAKA

## Araw para pag-isipan ang daigdig at gumawa ng aksyon ang Earth Day.

Kilusan para sa kapaligirang isinasagawa sa buong mundo ang Earth Day. Nagdaraos din sa Japan ng mga Earth Day event sa iba't ibang lugar. Isa sa mga ito, unang Earth Day na pinangungunahan ng mga estudyante sa Japan ang **Happy Earth Day Osaka**. Kumikilos nang pinahahalagaan ang pagdama ng kaligayahan sa araw-araw na pamumuhay.

## Lumikha, tumingin, kumain, matuto

Sa **Happy Earth Day Osaka**, nakahilera ang mga 100 stall at booth para sa pagsubok. Mamili sa tindahang earth-friendly, banayad sa katawan at may pinaninindigan, maglaro sa proyekto kung saan masayang matututo tungkol sa daigdig. Naghahanda kami ng lugar para makangiti ang mga taong dumalo.

Mula roon, bakit hindi pag-isipan ang maaaring gawin, at gumawa ng unang hakbang?






◂Tsunagarisu

Idinaraos tuwing Marso taon-taon sa Kyūhōji Ryokuchi Park!

Tingnan ang website para sa mga detalye

Naghahatid din ng impormasyon sa social media!

May pananagutan sa sulatin: Happy Earth Day Osaka Executive Committee









# Mapagtatanungan kaugnay sa Basura

| | |
|---|---|
| Pag-apply para sa malalaking basura / Home appliance na maaaring i-recycle / Basura sa di-regular na panahon ng pagkolekta | Telepono para lamang sa pag-apply<br>0800-222-9966 (Libre ang pagtawag)<br>Mula sa cellphone, PHS at ilang IP phone,<br>072-923-9966 (kailangan ang bayad sa pagtawag) |
| Mga bagay kaugnay sa pagkolekta ng basura<br>Mga bagay kaugnay sa pagkolekta ng bangkay ng hayop | Dibisyon ng mga Proyekto ukol sa Kapaligiran<br>072-991-6254 |
| Mga bagay kaugnay sa pagdadala ng basura at tour ng pasilidad | Dibisyon ng mga Pasilidad para sa Kapaligiran<br>072-991-7362 |
| Mga bagay kaugnay sa pagrerecycle / pangkatang pangongolekta<br>Mga bagay kaugnay sa pamamahagi ng itinalagang supot<br>Mga bagay kaugnay sa bayad sa pagkolekta ng basura | Sound Material-Cycle Society Division<br>072-924-3866 |
| Mga bagay kaugnay sa sabay-sabay na paglilinis ng pamayanan | Dibisyon ng Pangangalaga sa Kapaligiran<br>072-924-9359 |
| Mga bagay kaugnay sa basura mula sa mga industriya | Guidance Office ukol sa Basura mula sa Industriya,<br>Sound Material-Cycle Society Division 072-924-3772 |

Isang supot sa 1 tapunan ng basura,
itali ang supot at saka itapon.
Makipagtulungan sa
pagbabawas ng basura!

Handbook ng Paraan ng Paghihiwalay at Pagtatapon ng Basura
(Publikasyon Bilang R2-208)
Nilathala: Abril 2021
Patnugot at Tagapaglathala:
Sound Material-Cycle Society Division, Environment Department ng Lungsod ng Yao
5-2-2 Takami-chō, Yao-shi
TEL (072) 924-3866 (direktang linya)
FAX (072) 923-7135